JFK Medical Center & Johnson Rehabilitation Institute
Patakaran para sa Pinansiyal na Tulong – Buod sa Simpleng Pagpapaliwanag

Ang Financial Assistance Policy ("FAP") ng JFK Health System, Inc., na kinabibilangan ng JFK Medical Center at Johnson Rehabilitation Institute (na sama-samang tinatawag na "JFK") ay naririto upang makapagkaloob ng pinansiyal na tulong sa mga pasyente na may mga pangangailangan sa pangangalaga ng kalusugan at walang insurance, kulang ang insurance, hindi karapat-dapat sa iba pang tulong na mula sa gobyerno, o dili kaya'y hindi kayang bayaran ang mga pang-emergency o iba pang mga kinakailangan sa paggagamot na serbisyo sa pangangalaga ng kalusugan batay sa kanilang indibiduwal na pinansiyal na situwasyon. Ang mga pasyente na humahangad ng pinansiyal na tulong ay dapat mag-apply para sa programa, na ipinapaliwanag ang buod dito.

Mga Karapat Dapat na Serbisyo: Ang pinansiyal na tulong ay magagamit lang para sa emergency o iba pang kinakailangan sa paggagamot na mga serbisyo para sa pangangalaga ng kalusugan. Hindi lahat ng mga serbisyong ipinagkakaloob sa loob ng mga pasilidad ng JFK Medical Center o Johnson Rehabilitation Institute ay sakop sa ilalim ng FAP. Ang ilang mga serbisyio na hiwalay na siningil ng iba pang mga tagapagkaloob ng serbisyo (provider) ay maaaring hindi sakop. Mangyari lang sumangguni sa Apendiks A ng FAP ng JFK para sa listahan ng mga tagapagkaloob ng serbisyo (provider) na nagkakaloob ng mga serbisyo sa pangangalaga ng kalusugan sa loob ng mga pasilidad na iyon at kung sila ay sakop sa ilalim ng FAP o hindi.

Mga Karapat-dapat na Pasyente: Ang mga pasyente na tumatanggap ng mga karapat-dapat na serbisyo, na natutugunan ang kriterya sa pagiging karapat-dapat at mag-sumite ng isang nakumpletong application para sa pinansiyal na tulong kasama na ang lahat ng mga hinihiling na dokumento.

Paano Mag-apply: Ang FAP at application sa FAP ay maaaring makuha/makumpleto/maisumite sa mga sumusunod na paraan:

- I-download ang mga dokumento mula sa sumusunod na website: https://www.jfkmc.org
- Hilingin ang mga dokumentong ipadala sa koreo sa inyo, pamamagitan ng pagtawag sa Business Office sa (732) 321-7566.
- Ang mga nasa papel na kopya ay handang makuha sa iba't ibang lugar sa mga pasilidad ng JFK. Kabilang dito, ngunit hindi limitadosa, mga emergency room, mga check-in area para sa pagpaparehistro sa pasyente at Business Office na matatagpuan sa: JFK Medical Center, 65 James Street, Edison, NJ 08820
- Maaaring magpa-schedule ang mga pasyente ng isang appointment sa isang Financial Representative para makakuha ng tulong sa pagkukumpleto ng Application. Kung piliin ng pasyente na kumpletuhin ang isang Application mag-isa, kailangan nilang ipadala sa koreo ang nakumpletong Application (kasama ng lahat ng mga hinihiling na nagbibigay suportang mga dokumento) sa: JFK Medical Center Admissions Office, 65 James Street, Edison, NJ 08820

Pagiging Karapat-dapat sa Pinansiyal na Tulong: Karaniwan, ang mga uninsured (walang insurance) at underinsured (kulang ang sakop ng insurance) na pasyente ay maaaring karapat-dapat para sa kumpletong pinansiyal na tulong kapag ang gross income ng kanilang pamilya ay mas mababa o katumbas ng 200% ng Federal Poverty Level ("FPL"). Dagdag pa dito, ang lahat ng mga uninsured (walang insurance) na pasyente ay karapat-dapat para sa bahagya o di kumpletong pinansiyal na tulong.

Ang mga level ng pinansiyal na tulong, na batay lang sa FPL ay:

- Ang gross income ng pamilya ay mas mababa o katumbas ng 200% ng FPL:
  Kumpletong pinansiyal na tulong; ang $0 ay masisingil sa pasyente.
- Ang gross income ng pamilya ay mas mataas sa 200% ngunit mas mababa o katumbas ng 300% ng FPL;
  Ang bahagyang pinansiyal na tulong; mas mababa sa Charity Care at Compassionate Care Discount o AGB.
- Ang gross income ng pamilya ay mas mataas sa 200% ngunit mas mababa o katumbas ng 500% ng FPL;
  Bahagyang pinansiyal na tulong; mas mababa sa Uninsured Discount o AGB.
- Mga Pasyente na Uninsured (walang insurance);
  Bahagyang pinansiyal na tulong; mas mababa sa Compassionate Care Discount o AGB.

Tala: Ang iba pang mga kriterya na higit sa FPL ay maaari rin ikonsidera (hal. mga limitasyon sa asset, katayuan sa paninirahan, katayuan sa insurance), na maaaring magresulta sa mga hindi pagkakasama sa naunang nabanggit. Rerepasuhin ng mga Financial Representative ng JFK ang mga nasumiteng application, at pagpapasyahan ang pagiging karapat-dapat sa pinansiyal na tulong na umaalinsunod sa FAP.

Sinumang indibiduwal na napagpasyahan na karapat-dapat para sa pinansiyal na tulong sa ilalim ng FAP na ito ay hindi sisingilin ng higit sa Amounts Generally Billed ("AGB") para sa anumang emergency o iba pang kinakailangan sa paggagamot na mga serbisyo sa pangangalaga ng kalusugan. Sinumang indibiduwal na karapat-dapat sa FAP ay parating sisingilin para sa mas kaunting AGB o anumang diskuwento na magagamit sa ilalim ng FAP.

Handang Makukuhang Mga Pagsasalin-wika: Ang FAP, Application at PLS ng JFK ay available sa wikang Ingles at sa pangunahing wika ng mga populasyon na may limited proficiency in English ("LEP") na bumubuo sa mas kaunti sa 1,000 mga indibiduwal o 5% ng komunidad na pinaglilingkuran ng JFK.

Para sa tulong o mga katanungan, mangyari lang tumawag sa Business Office sa (732) 321-7566.